



# Mga Sunog-Damuhan

**ANG MGA SUNOG-DAMUHAN AY MABILIS KUMALAT AT  
MAKAPAGBABANTA SA MGA BUHAY, PROPYEDAD, TANIM AT MGA HAYOP**

## PANGALAGAAN ANG INYONG SARILI

Ang mga sunog-damuhan ay maaaring mabilis magsimula at kumalat, at nahuhuli ang mga tao na hindi handa. Napakainit ng sunog-damuhan at maaaring lumikha ng sobrang init na makamamatay sa sinumang maaabutan sa labas.

Ang pinakaligtas na lugar kapag may sunog-damuhan ay ang malayong-malayo sa sunog. Kapag malapit sa isang sunog-damuhan, laging isaisip ang lugar na nasunog na bilang isang ligtas na takbuhan. Kung nababantaan kayo ng isang sunog-damuhan, laging pangalagaan ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagtatakip sa lahat ng nakalantad na balat gamit ang mga pananggalang na kasuotan, tulad ng:

- Mahabang manggas na pang-itaas at pantalong yari sa likas na himaymay gaya ng cotton (bulak).
- Matibay na botang yari sa katad at mga medyas na yari sa lana.
- Mga guwantes na yari sa katad.
- Isang sombrero malapad ang dahon.
- Isang pantabing sa mukha o tuwalya para takpan ang inyong bibig at ilong.
- Proteksiyon sa mata gaya ng goggles.

Tiyaking uminom ng tubig upang hindi kayo matuyuan at alamin ang kalakasan ng inyong katawan, pagkapagod dahil sa init, pag-atake ng init at pagkasunog sa araw.



*Pangangalaga ng inyong  
propyedad, hayop at pananim*

### Ang Kahalagahan ng mga Fire Break:

- Ang paghahanda ng mga fire break sa panahon ng tagsibol sa pamamagitan ng pagtabas, pagpapastol, pagputol ng mga puno o pag-araro sa paligid ng mga gusali, pananim, pastulan, lugar na imbakan, sa tabi ng mga pangunahing bakod at iba pang nakalantad ay makatutulong nang malaki sa paglaban sa sunog sa panahon ng tag-araw.
- Gumawa ng mga maepektong fire break bilang paraan ng pagpigil sa pagtakas ng apoy mula sa inyong propyedad, at pagbabawas sa malamang na pagpasok ng apoy.
- Ang mga fire break, kung saan magagawa, ay dapat idisenyo na paiwas sa mga puno o para magbigay ng dagdag na agwat sa paligid ng mga mismong puno.
- Makipagtulungan sa inyong mga kapitbahay na gumawa ng mga maepektong fire break.

**IULAT  
ANG LAHAT  
NG SUNOG SA:  
000**



131450

**PREPARE.****ACT.****SURVIVE.****BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737**